

1

“I’m getting married.”

Nagsalubong ang mga kilay ni River sa narinig na balita mula sa kanyang pinsang si Iwa habang kausap niya ito sa cellphone. “Di ba kasal ka na?” nagtatakang sabi niya.

“Totoong kasal na ito, River.”

Lalo siyang naguluhan. Napatayo siya mula sa lounge chair sa tabi ng swimming pool. Nandito siya ngayon sa ancestral home ng namayapang paternal grandparents niya. Ilang buwan na rin siyang nagbabakasyon dito sa Pilipinas, naka-indefinite leave mula sa kanyang pinagtatrabahuhang oil refinery sa Texas.

Ang ancestral home na ito sa San Felipe at isang beach house sa La Union na lamang ang natitirang property ng lolo at lola niya. Ang mga ibang ari-arian ay pina-convert lahat sa pera parag paghati-hatiin sa kanilang anim na apo bilang pamana. Mali, pito pala silang magpipinsan. Pang-pito si Liwayway Ignacio-Alicante na siyang kausap niya ngayon; ito ang nawawalang anak ng kanyang Uncle Joe na namatay

sa vehicular accident. Anak nito si Iwa sa cook noon ng ancestral home.

Mahigit twenty-one million pesos ang mamanahin niya. Iyon ay kung mag-aasawa na siya, at matatanggap niya lang ang manang iyon after one year of marriage ayon sa last will and testament ng kanyang lolo. May asawa na ang ate niya at lima niyang pinsan.

Pinakahuli ngang nag-asawa si Iwa. Pero may hidden agenda sa likod ng pag-aasawa nitong iyon. Kinakutsaba nito ang isang lalaking kaibigan nito para pakasalan para makuha ang mana. Actually, ginawa rin ng dalawa pang pinsan niyang lalaki ang scheme na ito, ngunit naglaro yata si Cupido dahil umibig ang mga ito sa mga babaeng kinakutsabang pinakasalan.

“Hindi naman fake ang kasal n’yo ni Jedi, hindi ba?” aniya. Nagpakasal ang dalawa sa mayor two months na ang nakalilipas.

“Sa church na kami pakakasal ngayon.”

“O, akala ko ba wala kayong balak—” Natapik niya ang noo. Ang laki niyang gago para hindi maunawaan ang ibig sabihin ng pinsan. “Huwag mong sabihing...”

“Yes.”

Napasuntok siya sa hangin. “Sabi ko na nga ba’t sa ganyan din mauuwi ang lahat, kagaya nina Travis at Forest!” Na-in love din sina Iwa at Jedi sa isa’t isa!

Isang malakas na tawa ang sunod niyang narinig.

“Kaya pala napansin kong may malisya ’yung wedding kiss n’yo,” tukso pa niya.

“Pansin mo?”

Siya naman ang tumawa. “Oo. At pansin ko rin ang malalagkit mong tingin sa kanya.”

She was giggling like a kid. “Ikaw ang best man, ha?”

“Bakit ikaw ang pumipili ng best man? Dapat ang groom mo!” Kahit kailan atribida talaga ang pinsan niyang ito. But he loved and adored her, anyway.

“Ikaw din ang gusto ni Jedi para sa papel na ’yun, ’no! Huwag ka nang tumanggi diyan. Dapat lang na guwapo ang best man sa kasal. Pupunta kami ng Bahamas this Friday, pagbalik namin ay aasikasuhin na namin ang details para sa church wedding namin.”

Pagkasara ng cellphone ay hindi niya napigil ang pag-atake ng inggit.

Muling naupo si River sa lounge chair at

tumingin sa asul na kalangitan. Nagpakawala siya ng isang mahabang buntong-hininga habang nagbalik sa kanyang alaala ang dahilan kung bakit siya umalis ng Amerika.

Mahigit dalawang taon na silang mag-on ni Camille. Isa itong Filipina flight attendant na nakilala niya sa eroplano minsang bibiyahe siya pauwi ng Pilipinas para magbakasyon. Nataon din na magbabakasyon noon ang dalaga sa bansa. Halos sa buong panahon ng pananatili niya rito ay nagkasama sila. At naging sila na nga bago siya bumalik sa Texas. Kahit hindi madalas ang pagkikita nila ng babae dahil sa nature ng trabaho nito ay hindi niya alintana. Umuuwi ito sa kanyang bahay kung nalilipad ito sa Texas.

He loved Camille. Dito niya unang naranasan kung paano ang magmahal. Kaya naman naisipan na niyang mag-propose noon sa babae. Everything was set up nicely at his house. Isang mamahaling solitaire diamond ang ibibigay niyang engagement ring dito.

Kaso, bokya. Ni hindi nito gaanong pinansin ang ginawa niyang set-up sa dining room. Sa halip ay hinila siya nito sa kanyang kuwarto at nagsalo sila sa mainit na tagpo bago niya muli itong nayaya sa dining room.

Inakala niya noong una ay tinanggal lang ni Camille ang isinuot niyang singsing dito dahil sa masikip iyon sa ring finger nito. Ngunit iba ang lumabas sa bibig nito.

“You can’t marry me?” naibulalas niya, magkahalong pagtataka at pagkadismaya ang kanyang naramdaman matapos marinig ang pagtanggap nito sa proposal niya.

“Ayokong tumira sa Pilipinas, River.” Ipinatong nito ang singsing sa mesa.

Ang plano niya kasi ay iwan ang trabaho sa Texas at manirahan sa Pilipinas pag naikasal sila ng babae. Mapapasakanya ang ancestral home ng mga Gerona dahil napagkasunduan nilang magkakamag-anak na mapupunta iyon sa apong pinakahuling mag-aasawa. Gusto rin niyang bilhin ang naimbargong paper factory ng kanyang namayapang Uncle Joe at muli iyong buksan. Ngunit magagawa niya lamang iyon pag nakuha na niya ang mana mula sa kanyang lolo.

He has money, yes. Nang magsolo si River ay malaki ang perang bigay sa kanya ng mga magulang niyang kapwa matagumpay na real estate brokers sa Texas. Malaki rin ang kanyang ipon mula sa kinikita bilang mechanical engineer. Kaso, kulang pa rin iyon para sa full operation ng factory. He needed to get

his inheritance to pursue this project.

“You don’t need to,” sabi niya kay Camille. Willing siya kahit na anumang living arrangement ang magkaroon sila. Ganoon niya ito kamahal. “Puwede tayong tumira dito.”

“Mas gusto mong tumira sa Pilipinas, River. You told me so many times how you hated living here.”

“Yes, pero kung ayaw mo—”

“Gusto mo lang ba akong pakasalan para sa tatanggapin mong mana?”

“Of course not!” bulalas niya. “Mahal kita, Camille.”

“I’m not yet ready to settle down,” rebelasyon nito.

“Okay, then I am willing to wait.”

“You don’t understand, River. It’s not you. I... I mean... I just can’t do this. I want freedom.”

“You can’t commit to me?” halos hindi makapaniwalang nasabi niya.

Hindi ito umimik. Mayamaya ay nagpaalam na ito.

At iyon na ang huling pagkikita nila ni Camille bago siya nagpasyang humingi ng leave sa trabaho para magpalipas ng sama ng loob sa Pilipinas.

Napatiim-bagang si Ava habang nakatayo sa kabilang panig ng kalye at tinatanaw mula roon ang isang saradong bakery, ang *Yellow Bells*.

Kailan lang noong masayang pinamamahalaan nila ng kanyang Mama Vivian ang panaderyang ito na itinayo mula sa pera ng ama—namayapang ama. Apat na buwan na ang lumipas nang pumanaw ang kanyang Papa Rogelio, namatay daw ito sa pagtulog. Ni hindi nila nakita ng kanyang ina ang katawan nito bago inilagak sa huling hantungan.

Hindi sila ang legal na pamilya ni Rogelio. At thirteen years old lamang siya noon nang malaman iyon, nang isang babae ang sumugod sa kanilang bahay at inaway ang kanyang mama, si Salud. Mula noon ay naputol na ang komunikasyon nilang mag-ama.

Magnobyong noon sina Vivian at Rogelio, ngunit ang huli ay gustong ipakasal kay Salud ng mga magulang nito. Itinanan ni Rogelio noon ang kasintahan at nabuntis ang babae. Hindi nagtagal ay nahanap din

White Lies And Promises - Yumi Sagara

ito ng mga magulang at pinilit pa ring magpakasal kay Salud at pinapuntang England kasama ang asawa. Ngunit palihim pa rin nitong sinusupportahan ang mag-inang Vivian at Ava.

All the while ay inakala ni Ava na kasal ang mga magulang, iyon kasi ang sinabi sa kanya noon ng ina dahil bata pa raw siya para maintindihan ang lahat. Hindi niya alam na apelyido lang pala ng ina ang gamit niya. At dahil nasa England ang ama, hindi na siya nagtaka kung bakit sa loob ng thirteen years ay isang beses lamang silang nagkita nito; isang araw lang iyon actually, nagmamadali itong umalis kaagad. Until that day came na sumugod sa kanila si Salud.

Ang sinabi ng kanyang mama, kinausap nito si Rogelio na putulin na lamang ang ugnayan sa kanilang mag-ina para wala nang gulo. And he did. Mabuti na lamang at naibili na sila nito noon ng bahay at panaderya. Naging financially stable silang mag-ina.

Two months ago, muling sumugod sa kanilang mag-ina si Salud, sinabihang lumayas na raw sila sa kanilang bahay dahil legally ay pag-aari raw nito iyon dahil ang asawa nito ang bumili. Doon niya natuklasang patay na pala ang kanyang papa. Pati ang *Yellow Bells* ay inangkin ni Salud. Wala silang nagawa

ng kanyang mama. Considered conjugal property raw ni Salud at ni Rogelio ang kanilang bahay at ang panaderya. Maraming pera ang babae at may mga koneksyon sa batas kaya naman nagtagumpay ito sa pagkagahaman.

Heto silang mag-ina ngayon, nakatira sa isang maliit na apartment unit. Worse, wala pa siyang nahahanap na trabaho. Paubos na ang savings nila. Nagamit kasi nila ang malaking perang galing sa kaha ng *Yellow Bells* sa pagbili ng modernong oven.

Pinigil ni Ava ang maiyak. Sawa na siya sa pag-iyak.

Napailing siya at ipinagpatuloy na ang paglalakad sa sidewalk patungo sa mall kung saan sila magkikita ni

Lyndon. First boyfriend niya ang binata at five months na rin ang kanilang relasyon, Napasagot din siya nito matapos ang mahabang panunuyo sa kanya. Kababaryo niya ang lalaki.

Nagliwaliw sila sa loob ng malaking mall saka kumain ng dinner. Isang pelikula ni Jason Statham na puno ng aksyon at putukan ang napili ni Lyndon na panoorin nila. Hindi niya gusto ang pelikulang iyon base sa napanood niyang trailer niyon sa TV ngunit

nagpaunlak na lamang siya. Masyado siyang stressed lately para makipagtalo pa sa nobyo.

Umpisa pa lang ng pelikula ay umakbay na ito sa kanya. Hinayaan niya lang ito. Anticipated na niya ang susunod nitong mga hakbang. Hahalikan siya sa buhok, sa leeg at maglilikut ang mga kamay nito. Hindi nga nagtagal ay ginawa nito.

“Lyndon, ano ba?” naaalibadbarang sabi niya.

Tinampal niya ang kamay nito na humahaplos sa kanyang braso. Ngunit patuloy ito sa ginagawa, nang damhin nito ang isang dibdib niya ay ubod-lakas niyang siniko ito. Tumayo siya at nag-walk out sa sinehan. First time nitong ginawa iyon, ang hawakan siya sa isang pribadong parte ng katawan niya. And she felt violated. Nandidiri siya sa ginawa nito at sa kanyang sarili.

Sumunod naman si Lyndon. “Hey!” habol nito sa kanya. Pasakay na siya sa escalator pababa.

Nag-about-face siya. “Lyndon, napag-usapan na natin ito, hindi ba?”

Nabanas na ito. “Ava, c’mon! It’s not that I was trying to have sex with you inside the movie house.”

“Ibaba mo ’yang boses mo, andaming tao dito,”

nahihiyang sabi niya saka umapak sa escalator.

Bumuntot ito hanggang sa makalabas siya ng mall. “Ihatid mo na ako, please,” pakiusap niya.

Ngunit pagkasakay sa kotse ay doon na tuluyang pinakawalan ni Lyndon ang pagkainis sa kanya. “What the hell is wrong with you? Wala ka ba talaga kahit konting karinyo sa katawan mo? Malamig ka pa sa yelo!” Napahampas ito sa manibela. “I can’t believe I have a frigid girlfriend!”

Natigilan si Ava at napaisip bigla. Kulang nga ba sa init kung tugunin niya ang mga halik at yakap ng nobyo sa kanya? O kung tumutugon nga ba siya? Natatakot siyang sagutin ang mga katanungang iyon.

“Gusto mong patunayang hindi ka frigid?” tila paghahamon nito sa kanya nang mapuna ang vulnerability sa kanyang mukha.

Tumingin siya rito. “W-what do you mean?”

Lalo siyang nagtaka nang ipasok nito ang kotse sa isang madilim na kalsada. Hindi niya alam kung parte pa ba iyon ng barangay road dahil walang kabahayan sa malapit kundi malawak na bukirin.

Sa gulat niya ay yumakap sa kanya si Lyndon. Bago pa siya nakaprotesta ay hinalikan na siya nito

sa labi. Mas mapusok ngayon ang mga kamay nito, pinagapang pa ang isa paloob sa kanyang palda.

“Lyndon, no!” tanggi niya nang lumipat ang mga labi nito sa kanyang leeg. Naramdaman niya ang pagbubukas nito ng mga butones ng kanyang blouse. “Stop it!” tili niya at pilit na itinulak ang lalaki.

Wala siyang ibang maramdaman kundi pure disgust sa ginagawa nito sa kanya. Pakiramdam niya ay wala itong paggalang sa kanyang pagkababae. Ang tanging nararamdaman niya ay sinasaktan siya nito, inaabuso. At nagising ang dormant niyang survival instinct.

Isang sampal ang pinadapo niya sa pisngi nito, ngunit parang lalo lang yata nagpasidhi iyon ng pananabik nito.

“Lyndon! Ano ba?” Ipinagtulakan niya ito, kinalmot sa leeg, hinila ang buhok bilang protesta.

Doon na ito tumigil. “F*ck it!” gigil na bulalas nito sa pagitan ng nagtatagis na mga bagang. “Hindi ka isang babae. You’re pathetic and just so damn hopeless frigid!”

Nanginginig siya sa galit. At dulot niyon ay nakalimutan niya tuloy umiyak.

“Get out of the car!” pagtataboy nito. Napamaang siya. “Hindi mo ba narinig ang sinabi ko, Ava?”

Napatingin siya sa labas ng bintana; madilim ang paligid at walang ibang dumadaang sasakyan doon.

“Get out!” bulyaw ng lalaki.

Nanginginig na lumabas si Ava ng kotse. Napaigtad pa siya nang pasibarin iyon ni Lyndon palayo.

And she was left in the dark. Alone.

Ginabi si River galing sa pag-grocery, papasok na siya sa isang madilim na barangay road ng San Felipe lulan ng itim na *Wrangler* jeep. Shortcut iyon from downtown patungo sa ancestral home ng mga Gerona.

Nang may mamataan siyang naglalakad sa dilim.

It was a girl. Gulo-gulo ang buhok nito, wala sa ayos ang puting blouse at nakatungo. Iisipin niya sanang ito ang napapabalitang white lady na nagpapakita sa madilim na kalsadang ito kung di niya napansin ang pink bag nito.

Tumigil siya sa tabi nito. Nag-angat naman ito

White Lies And Promises - Yumi Sagara

ng mukha. Mababakas ang takot at pangamba na nakabalatay sa mukha nito, pero sa kabila niyon ay napansin niyang maganda ito.

Maamo ang mukha nito, mukhang mayumi, mabait. Malalamlam ang mata, maganda ang hugis ng ilong at kaakit-akit ang nakatikom nitong bibig.

Napaatras ito nang bumaba siya ng jeep.

“Don’t worry, Miss. Hindi ako masamang tao,” sabi niya dito.

Napatingala ito sa mukha niya. Ilang saglit silang nagtitigan. At ngayon lang niya nahinuha, parang pamilyar sa kanya ang babae...

2

“R-River?”

Saglit na natigilan ang matangkad na lalaking kaharap ni Ava sa nasambit niyang pangalan. Mahahalata sa reaksyon nito na tama siya sa hinuha, si River Gerona nga ang nasa harapan niya. Schoolmate niya ito noon sa *St. Vincent’s High*. Isa itong magaling na baseball player noon. Maraming babae ang nagkaka-crush dito dahil sa angkin nitong kaguwapuhan, dagdag pa na mabait at sociable itong estudyante. Ang huling balita niya rito ay nag-migrate ang buong pamilya nito sa US nang maka-graduate ito ng high school.

Hindi niya tuloy napigil balikan ang isang masayang alaala ng kanyang hindi perpektong high school life...

Nakakainis! palatak ni Ava sa isip habang inaayusan siya ng kanyang mama.

JS Prom nila sa paaralan nang gabing iyon at bilang third year high school student ay obligado siyang um-attend sa kasayahang iyon kahit ayaw niya.

Paano ba naman a-attend sa isang social event

ang isang kagaya niya? Patpatin, pangit ang walang shape na buhok at tadtad ng pimples ang mukha. Isa pa, likas siyang mahiyain at hindi palakibo sa mga tao. Loner nga siya sa school, walang mga kaibigan. Mag-isa siyang kumakain sa cafeteria, mag-isa nag-aaral sa library. Hindi mababa ang kanyang self-esteem. Anti-social lang talaga si Ava dahil mas gusto niya ang mapag-isa, nagkakaroon siya ng kalayaan—kalayaang gumalaw at mag-isip.

“Smile naman diyan, anak,” anang Mama Vivian niya na lalo lang nagpasimangot sa kanya.

Yuko ang ulong pumasok siya sa oval ng school kung saan naka-set-up ang prom. Walang imik na umupo siya sa isang mesa sa sulok at ipinagdasal na sana ay matapos kaagad ang kasayahan at nang masundo na siya ng tricycle driver na inarkila ng Mama Vivian niya.

Nang matapos ang short program ay sayawan na ang kasunod. Maraming pareha ang nasa dance floor. At katulad ng kanyang inaasahan, isa nga siyang wallflower sa prom. Wala ni isang guy ang lumapit sa kanya para isayaw siya. Hell, ni wala man lang tumingin sa kanya!

Uneasy siyang napakamot sa batok at iniunat ang nangangalay nang mga paa.

White Lies And Promises - Yumi Sagara

Ang boring-boring ng JS Prom! Pulos lumang music ang pinapatugtog dahil matanda ang kanilang gurong organizer. When I Fall In Love ang naririnig niyang awitin na pumapailanlang ngayon mula sa speakers ng sound system.

Eksaheradong halos isinubsob ni Ava ang mukha sa mesa. Nang may isang boses siyang narinig.

“Can I have this dance with you?”

Gulilat siyang nag-angat ng mukha. At halos mapalundag siya sa gulat nang mapagsino ang pinanggalingan ng boses.

Si River Gerona ng IV-Einstein.

Nakalahad ang isang kamay nito sa kanya at bahagyang nakayuko. At higit sa lahat, napakaganda at napakaaliwalas ng ngiti nito sa kanya na kaagad nagpabilis ng pintig ng kanyang dibdib.

“I... I don’t know how to dance. I mean, b-baka maapakan ko lang ang mga paa mo,” nauutal na sabi niya.

“Okaylang,” tugon nito. “Please?” tila pagsusumamo pa nito.

Iniabot niya ang kamay rito at inalalayan siya nitong tumayo. She felt like a princess. Lalo na nang

igiya siya nito sa dance floor at mabagal silang sumayaw sa saliw ng lumang tugtugin...

Nagsalita ang lalaki at iyon ang tila nagpanumbalik sa kanyang naglalakbay na diwa sa kasalukuyan.

“You kinda look familiar...” parang malalim na nag-iisip na sabi nito, titig na titig sa mukha niya.

Siguro ay hindi na nga siya matandaan nito. Sino ba naman siya para tumatak sa alaala ng isang kagaya ni River? O siguro, hindi lang siya nito mamukhaan. Wala na kasi ang madaming pimples niya sa mukha. Ang dati niyang tuwid at walang buhay na buhok ay layered na ngayon ang estilo at may subtle burgundy highlights. At higit sa lahat, hindi na siya patpatin. Nagkaroon na ng shape ang kanyang katawan. Mula sa mahahaba niyang binti, sa maliit niyang baywang, sa impis niyang tiyan, sa kanyang dibdib na hindi man kalakihan ay may magandang hubog naman at tindig.

“Nag-aral ka ba sa *St. Vincent’s*?” pukaw nito.

“Y-yes. Uhm... ahead ka noon ng one year sa akin. I’m Ava—Savannah Arcilla.”

“Sabi ko na nga ba!” He chuckled. “You’re that pretty shy girl na isinayaw ko noon sa prom.”

She could swear she was blushing all over. Pretty

raw siya noon?

“Ano’ng ginagawa mo dito? Are you lost or something?” Genuine ang concern na nasa mukha nitong nababanaag niya sa tulong ng headlights ng sasakyan nito. Banaag din niya ang nagsusumigaw na kaguwapuhan nito.

Hindi niya akalain na may iguguwapo pa pala ang dati niyang schoolmate. Malalim kung tumingin ang maiitim nitong mata, perpekto ang hugis ng ilong at hindi matapang ang hugis ng jawbone nito. Ito ang mukhang madaling mapagkakatiwalaan ng kahit na sino. Isang mukhang simpatiko, mabait, hindi nanloloko.

“I... uhm...” Paano ba niya sasabihin? Na tinangkang makipag-sex sa kanya ang boyfriend niya at tinanggihan niya kaya halos sipain siya nito palabas ng kotse?

Ex-boyfriend na pala. Dahil hindi niya mapapatawad ang ginawa ni Lyndon sa kanya. Winalanghiya siya nito sa loob mismo ng kotse! Halos masuka siya nang naisip niyang minahal niya ito.

Ngayon pa lang, isinasara na niya ang kabanatang ito ng kanyang buhay. Another person just left her.

Hindi na siya tumanggi nang inalok siya ni River

na ihatid siya pauwi.

“Antagal na rin palang panahon ang nakalipas,” pukaw nito sa katahimikang lumukob sa pagitan nila sa loob ng jeep. “Mahigit isang dekada na rin palang graduate ako sa high school. How I missed being a kid again.”

She instantly felt envious. Buti pa si River, madaming magagandang alaala sa pag-aaral. Siya, ang pakikipagsayaw lang yata nito sa kanya noon sa prom ang magandang moment niya sa school.

Napakaguwapo at napakabango nito noon. Hindi napalis ang friendly at maaliwalas nitong ngiti sa kanya habang sila ay nagsasayaw. And to her surprise, kilala siya nito. Naisip niyang nakarating siguro sa lalaki ang tsismis noon tungkol sa kanila ng mama niya. Pinalabas kasi ni Salud na kinakuwartahan nilang mag-ina si Rogelio. Ngunit wala siyang makitang panghuhusga sa tingin sa kanya noon ni River. Maski na ngayon...

“Kayo iyong may bakery sa bayan, di ba? Naalala ko, masarap ’yung hot pandesal n’yo,” sabi pa nito, parang gustong makipag-usap nang matagal.

“S-sarado na ang *Yellow Bells*,” malungkot niyang rebelasyon.

“O-oh. Sorry to hear that. Hindi ko alam.”

“Binawi ng tunay na asawa ng papa ko,” dagdag pa niya. Hindi siya dapat mahiya. Katotohanan iyon.

Nakita niya sa rearview mirror ang pagtataka sa mukha ng lalaki.

“Hindi tunay na asawa ang mama ko, hindi ba nakarating sa iyo noon ang balita?” Hindi niya maintindihan kung bakit nasasabi niya ang lahat ng mga ito. Siguro galit lang si Ava sa mga nangyari sa kanyang buhay.

“I didn’t know that,” mahinang sabi nito.

Saka siya napahiya sa sarili. Maling maglabas siya ng angst niya sa buhay sa lalaking ito. He didn’t know her. Pakialam ba nito sa buhay niya kahit sabihin pa niyang nag-roundtrip siya sa buwan?

Pagdating nila sa apartment ay niyaya niyang pumasok sa loob si River para magkape. Nagpaunlak naman ito.

Sa pagtataka niya ay wala sa sala ang kanyang ina.

Kadalasan sa mga oras na iyon ay nanonood ito ng TV roon, sumusubaybay sa mga paborito nitong telenovelas at reality shows sa primetime. Eleven

ng gabi ang bedtime nito dahil nagbabasa pa ito ng pocketbooks bago mahiga.

Iniwang niya saglit si River sa sala nang maipagtimpla niya ito ng kape. Kumatok siya sa silid ng ina. Walang sagot. Tinawag niya ito nang ilang beses, nilakasan ang mga katok. Wala pa ring tunog na nanggaling sa kuwarto nito.

Pinihit niya ang seradura ng pinto. At napasigaw siya sa natuklasan sa loob. Nakahandusay ang ina sa sahig, may malay ngunit hindi makagalaw at makapagsalita. Kaagad naman siyang sinaklolohan ni River. Binuhat nito ang mama niya at isinakay sa kotse para dalhin sa ospital.

Na-stroke daw si Vivian, iyon ang sinabi ng doktor kay Ava.

Nanghihina siyang napaupo sa isang bench sa labas ng emergency room. Samu't saring emosyon ang dinadala ng kanyang dibdib ngayon. Takot at pag-aalala sa kalagayan ng ina, at pangambang hindi niya kayang bayaran ang medical bills nito. May iniabot sa kanya ang doktor na reseta ng gamot na kailangan niyang bilhin sa pharmacy ng ospital. Private hospital ang kinaroroonan ng kanyang mama,

mahal ang bayad...

Naisubsob niya ang mukha sa dalawang palad.

Naramdaman niya ang mabining pagdapo ng palad ni River sa kanyang likod. “It’s gonna be okay,” sabi nito, pinapalakas ang kanyang loob. “Magdasal tayo, Ava.”

Magdasal? May ihuhulog kayang malaking pera ang Diyos sa kanyang harapan kung magdadasal siya? Saan siya kukuha ng pambayad ng ospital at pambili ng mga gamot na magiging maintenance ng kanyang ina pagkalabas nito sa ospital? Kakailanganin din nito ng physical therapist para matulungang makagalaw ang kaliwang parte ng katawan nito.

Ipinag-drive siya ni River patungo sa pinakamalapit na ATM booth. She withdrew all the money in her bank account, halos ten thousand pesos lamang iyon. Saan pa siya kukuha ng pera? Silang mag-ina ay hindi mahilig sa mga alahas kaya wala siyang maisasanla.

Pasado alas onse na ng gabi ngunit naroroon pa rin sa ospital si River, sinasamahan siya. Pinapauwi na niya ito ngunit tumanggi ang lalaki.

“You know, if you need help, you can tell me,” anito, na-sense sigurong namomroblema siya sa pera.

Umiling siya. Hindi niya dapat abusuhin ang kabaitan ng kausap. Sobra-sobra na ang lahat ng ginawa nito sa kanilang mag-ina ngayong gabi.

“Kailangan mo ba ng pera?” tanong pa nito. “C’mon, Ava, hindi ito ang oras para pairalin mo ang hiya o pride mo. Ang kalagayan ng ina mo ang nakasalalay dito.”

He had a point. Nilamon niya ang hiya at pride nang mga sandaling iyon at tinanggap ang alok nitong tulong.

Naiuwi na sa bahay ang mama ni Ava matapos itong ma-confine ng ten days sa ospital. Halos araw-araw kung dalawin sila roon ni River, may dalang mga bulaklak at mga pagkain. Napakalaki rin ng ipinahiram nitong pera sa kanya na hindi niya alam kung paano mababayaran.

Araw-araw kung magpunta roon ang binayaran niyang physical therapist ng ina. At kagagaling lang nila sa checkup nito sa doktor. Ayon dito ay may progress naman ang kalagayan ni Vivian. Kailangan lang ituloy-tuloy ang therapy at maintenance ng gamot. Nakakalakad na ito kahit dahan-dahan lang at may improvement na rin ang pagsasalita nito.

Salamat sa perang tulong ni River.

Buti pa si River, nandito sa tabi niya ngayon. Samantalang si Lyndon...

Ah, screw him! Hindi na nagparamdam sa kanya ang lalaking iyon matapos ang insidente sa pagitan nila sa kotse nito. Tapos na nga ang kabanata ng buhay niya kasama ito.

“Nahihiya na ako sa iyo, River,” matapat niyang sabi sa binata nang mapagsolo sila nito sa sala.

“Ava, sabi ko na sa ’yo, okay lang, hindi ba?” tugon nito sa malumanay na tinig.

“Hindi ko talaga alam kung paano ako makakabayad sa iyo. Ang laki-laki na ng ipinahiram mong pera sa akin.” Napabuntong-hininga siya.

“Huwag mo munang isipin ’yan, okay?”

“K-kung may ibang paraan para makabayad ako agad sa ’yo, willing akong gawin iyon, sabihin mo lang,” in desperation ay nasabi niya.

Napatawa ito. Saka siya pinamulahan ng mukha. Iba yata ang nahimigan nito sa sinabi niyang iyon. Inisip yata nitong willing siyang gawing pambayad ang kanyang katawan!

“I... I mean, kung... kung kailangan mo ng tulong ko on something. Kasi sa totoo lang, imposibleng mabayaran kita ng pera sa lalong madaling panahon, River.”

Napaigtad siya nang humawak ito sa kanyang kamay. “I said, huwag mo munang isipin iyan,” nakangiti nitong ulit.

Napaka-comforting ng boses nito. At mas lalong napaka-comforting ng pagkakahawak nito sa kamay niya. Nanghinayang tuloy siya nang pakawalan nito iyon.

“Buti na lang, nagkita tayo noong gabing iyon,” puno ng gratefulness na nasabi niya.

“Hindi mo pa sinasabi sa akin ang dahilan kung bakit ka naglalakad sa dilim nang gabing iyon.” Ramdam niya ang pagtataka sa tinig nito.

Dumilim ang mukha ni Ava.

“I-it’s okay if you don’t wanna talk about it,” puno ng simpatyang saad nito nang wala itong narinig na kataga mula sa kanyang bibig.

Huminga siya nang malalim bago nagsalita. After all, as strange as it may seemed, malaki ang tiwala niya kay River. “N-nag-away kami ng boyfriend ko—

well, ex-boyfriend na ngayon. Pinalabas niya ako ng kotse.” Hanggang doon lang ang nakaya niyang sabihin. Nahiihiya siyang sabihin kung ano ang dahilan kung bakit siya pinalabas ng kotse ni Lyndon.

Bumakas ang galit sa mukha nito. “I’m sorry but I think your ex is an asshole, Ava!” bulalas nito. “Hindi na ba niya naisip na babae ka, nag-iisa at naglalakad sa dilim? Paano kung may bumastos sa ’yo doon? O pagnakawan ka’t—Jesus! Makita ko lang ang gagong Lyndon na ’yan, babangasan ko talaga ang mukha niya!”

Gusto niya tuloy matawa. Heto ang isang guy na sweet, gentle and kind ang façade, pero handa rin palang mambugbog! And, what, mambubugbog ito dahil sa kanya?

She was touched. Wala pang ibang tao ang gustong pumrotekta sa kanya.

“I better go now, Ava. May pupuntahan pa kasi ako,” paalam na ni River makaraan ang ilang minuto na ikinalungkot naman niya.

Gusto ba niyang manatili pa sa bahay nila ang lalaki? Masyado na yata niyang ini-enjoy ang atensyon na ibinibigay nito.

Nagtuloy si River sa bahay ng pinsan niyang si Travis pagkagaling sa apartment unit ni Ava.

“Bokya pa rin ba sa fake fiancée hunt?” nakangising bungad nito sa kanya. Humalik ito sa asawang si Phoebe na naglapag ng merienda sa mesa sa gitna ng magandang garden sa harapan ng bahay ng mga ito.

“Ikaw na muna’ng bahala sa pinsan mo, nagloloko si Heaven,” paalam ng babae rito. “River, maiwan ko na kayo dito,” baling nito sa kanya.

Tumango siya sa cousin-in-law at napangiti nang mapansin ang mapagmahal na tingin dito ni Travis habang naglalakad ito palayo sa kanila. Buti pa ang mga pinsan niya, nakahanap ng tunay na pag-ibig. Siya, ang inakala niyang babaeng pakakasalan niya ay umiwan sa kanya.

Naisip niya tuloy, hindi ba siya karapat-dapat na mahal in habang-buhay at pag-ukulan ng dedikasyon? Sa tingin niya ay husband and father material naman siya. And well, magaling siya sa kama. Kahit siguro parang kahoy na ibinabad sa tubig ang isang babae ay kaya niyang pagningasin.

“Uy, di mo na sinagot ang tanong ko,” pukaw sa kanya ni Travis at umupo na sa harap niya.

Nag-thumbs-down siya. Tumawa ito.

Kailangan na nga niyang makahanap ng babaeng papayag na maging asawa niya sa loob ng isang taon. Noong isang araw ay tinawagan na siya ng immediate superior niya sa kompanyang pinagtatrabahuhan, pinapabalik na siya roon sa lalong madaling panahon. Ngunit ayaw na niyang bumalik sa Texas.

He didn't hate his job. He simply didn't want to have a boss. Nasa dugo yata ng mga Gerona ang pagiging matigas ang ulo kaya sa pagnenegosyo nahilig ang kanyang angkan.

Sa generation niya, ang kanyang Ate Chelsea ay may Filipino grocery store sa New York, kasama ang asawa sa pag-ma-manage. Si Travis ay isang dentist at lumalawak na ang branches nito ng dental clinics. Si Forest naman ay co-owner ng isang beach resort and surfing center sa San Juan, La Union, ang *Legends*. Ang magkapatid na Maeve at Malcolm ay kasama ang mga magulang na nangangasiwa sa construction supply business. At ang newly-found cousin niyang si Iwa ay magtatayo ng restaurant pag nakuha na nito ang mana. Siya, gusto talaga niyang buksan ulit ang paper factory ng late Uncle Joe niya. Kaso, kailan pa?

“Hindi ka naman yata naghahanap,” ani Travis. “Imposibleng walang babae diyan na handang gawin kahit ano basta magkapera lamang.”

Natigilan siya. Holy cow! Bakit ngayon lang niya naisip?

“Ava...” pabulong na nasabi niya.

Pero baka akalain ng dalaga na mag-aalok siya ng kasal dito para makabayad ito ng utang sa kanya. Pero wala siyang balak singilin ito. Bukal sa loob ang pagtulong na ginawa niya. Walang trabaho ang mag-inang Arcilla. Sarado na ang pinagkakikitaan ng mga ito at wala na palang ama si Ava. Maawain siyang tao, weakness niya iyon kaya naman walang abog-abog siyang nagbigay ng tulong.

Like his scheming cousins said, puwede niyang bigyan ng share sa mana ang babaeng papayag na pakasal sa kanya ng isang taon. Malaking tulong iyon kay Ava at sa ina nito para makapag-umpisa ng bagong buhay. Kapwa sila makikinabang dito kung tutuusin.

3

“Nobyong mo na ba si River, anak?” tanong ng ina kay Ava habang magkasalo sila sa dinner.

Muntik na siyang masamid sa narinig. “Ma, bakit n’yo naman ho naitanong ’yan?”

“Masyado kasi kayong malapit sa isa’t isa,” nakangiting sagot nito.

Medyo hindi pa tuwid ang pagsasalita ni Vivian, ngunit ang laki na ng improvement nito. Mas malaya na rin nitong naigagalaw ang katawan. Ilang linggo pa’t hindi na nito kakailanganin ang tulong ng physical therapist. Ngunit may monthly checkup pa rin ito at daily maintenance ng gamot sa alta-presyon. Kailangan din nito ng healthy diet.

Kailangan na niyang magkatrabaho kaagad. Hindi puwedeng umasa na lamang siya sa tulong ni River. Of course, may hangganan ang lahat ng iyon. Naka-leave lamang ito sa trabaho, and soon, babalik din ito sa Estados Unidos.

Nalulungkot na siya ngayon pa lang...

“Wala akong problema sa binatang iyon,” sabi

pa ng ina. “Napakabuting tao ni River. Masaya akong papanaw sa mundong ito kung siya ang makakatuluyan mo, anak.”

“Ma, huwag ho naman kayong magsalita ng ganyan. Mahaba pa ang buhay n’yo. Hintayin n’yo ang magiging apo n’yo sa akin.”

Tumawa ito. “Siguradong kay gaganda’t kay guguwapo ang mga magiging anak n’yo ni River.”

“Mama!” tumatawang bulalas niya. “Wala ho kaming relasyon ni River.”

“O, siya. Wala na kung wala sa ngayon. Tatal madami pang puwedeng mangyari,” makahulugan ang ngiting turan nito saka ipinagpatuloy ang pagkain.

Nailing na lamang si Ava sa pang-iintriga ng ina sa kanya.

Naghuhugas na siya ng pinggan nang may kumatok sa pinto. Si River, may hawak itong mga pulang rosas.

Red roses? Madami na itong naibigay na bulaklak sa mama niya, ngunit ngayon lang ito magbibigay ng roses. At pula pa.

Nagtataakang kinuha ni Ava ang mga bulaklak

nang iniabot nito iyon sa kanya.

Mas lalo tuloy siyang palihim na binigyan ng nangangantyaw na tingin ng kanyang ina. “O, siya, maiwan ko na kayo dito’t inaantok na ako,” paalam nito sa kanila.

“Can we talk outside?” yaya ni River nang hindi ito tumalima sa pagpapaupo niya rito.

Kumunot ang noo ni Ava. Seryoso ang mukha ng lalaki.

Kinabahan tuloy siya sa maaaring sabihin nito.

Maniningil na kaya?

Umupo sila sa porch. Matapos magpalinga-linga ay nagsalita ang binata. Mataman siyang nakinig sa bawat katagang binitiwang nito.

“What do you think?” anito nang matapos ito sa pagpapahayag ng nais nitong mangyari.

“W-wait,” aniya, napakamot sa batok. “You want to marry me para makuha mo ang mana mo?”

“Exactly. We’ll be married for more than a year.”

Nilukuban si Ava ng pagkadismaya. So, lahat pala ng mga tulong ni River ay ibinigay nito para mapapayag lamang siya sa naisip nitong scheme?

“You don’t have to say yes kung ayaw mo, Ava. Pero sana pag-isipan mo itong mabuti. Sa loob ng mahigit isang taon, I will take care of you and your mother financially. Titira tayo sa ancestral home ng late grandparents ko. Hindi mo kailangang magtrabaho. I can give you three million pesos pagkakuha ko sa mana. Makakapag-umpisa kayo ng mama mo ng negosyo sa halagang iyon pag naghiwalay na tayo.”

She must admit, though, she was getting tempted nang banggitin ni River ang tungkol sa pera. Sakaling tanggapin niya ang alok nito ay hindi pa niya kailangang magtrabaho habang kasal sila ng lalaki sa loob ng mahigit isang taon. Hindi na niya poproblemahin ang medical needs ng kanyang ina. At mayroon pang naghihintay sa kanya na three million pesos...

“Maganda siya, ha?” may himig-panunuksong sabi ni Iwa kay River, sabay siko sa tagiliran niya.

Nasa rehearsal sila ng church wedding nito at isinama niya si Ava para ipakilala sa mga kamag-anak. Nasa harapan sila ng basilica at naghahandang i-practice ang pagmamartsa ng bridal entourage.

Napapayag din niya ang babae. Tatlong araw

lang ang kinailangan nitong panahon para makapag-isip.

Savannah was a perfect choice for this scheme. Kailangan nito ng pera. Alam niyang hinding-hindi siya nito gogoyohin. At mas lalong hindi siya nito aakitin at magpapabuntis upang sa gayon ay magkaroon ito ng dahilan para huwag niyang hiwalayan o makahingi ng walang-katapusang sustento.

Aakitin... Hindi niya naiwasang tanawin ito mula sa kinatatayuan niya. Maganda ang hubog ng katawan ni Ava sa simpleng knee-length na puting bestidang suot nito. Wala siyang makitang bakas ng anumang excess fat. Makikinis din ang light brown nitong binti.

Yari nga siya pag nagkataon! Sa ganda at seksi ng mapapangasawa niya ay tiyak na bibigay siya kaagad kung aakitin siya nito.

Pinigil niya ang pagtingin pa rito nang mas matagal at itinuon ang pansin sa ibang direksyon. Heto siya at nasa harapan ng simbahan at nagmamasid sa katawan ng isang babae. Baka bumagsak pa sa kanya ang antigong bell pag nagkataon!

Pagbaba niya ng mga mata ay nahuli niyang nakatingin sa kanya si Ava. She smiled shyly at him.

Ngumiti naman siya pabalik dito at bahagya pang kumaway. Hanggang sa parang natulala siya nang biglang umihip ang hangin at mayuming gumalaw ang buhok nito. It was so enthralling... and so damn sexy.

Tumikhim si Iwa na hindi matigil-tigil sa pagmamasid sa kanila ng kanyang pekeng fiancée. “Uy, ang tamis ng ngitian ng magsing-irog!” tukso nito.

“Hoy, Liwayway,” kunwa’y asar niyang banat. “Ako ang bi-break sa ‘Gerona curse’. Tandaan mo ’yan.”

‘Gerona curse’ ang napagkatuwaan nilang itawag sa hindi inaasahang ‘pagkaka-in love’ ng mga pinsan niyang gumawa ng scheme para makuha ang mana. Lahat nga ng tatlong gumawa niyon ay nadale ng pana ni Cupido. Umibig sa mga kinasapakat ng mga ito upang pakasalan.

“Puwes, ikaw din siguro ang makaka-break sa record na walang nabuking sa ginawa namin,” ganti ni Iwa. “Good luck sa ’yo kay Atty. Magtanggol.”

Family lawyer ng mga Gerona ang abogadong nabanggit ni Iwa. Ito ang pinagkatiwalaan ng kanilang abuelo na siyang humawak sa huling habilin nito.

“Shh, lower your voice,” awat niya rito, sabay tingin sa paligid. “Mabubuking nga ako kung ganyan ka kadaldal,” aniya at gigil na pinisil ang baba ng babae.

Although sa totoo lang ay nangangamba siya talaga. Sa kanilang apat na nakaisip ng scheme na ito ay sila lamang ni Ava ang magkakaroon ng housemate. Siyempre hindi puwedeng hindi kasama ng dalaga ang ina nito na tumira sa ancestral home na magiging tahanan nilang mag-asawa. Sana ay hindi nito mabuking na hindi iisang kuwarto ang tutulugan nila ni Ava. Nagpapagawa na siya ng extension room sa master’s bedroom na papalabasin nilang magiging room someday ng baby nila. Ginawa rin iyon ng tatlong pinsan niyang naunang nakaisip gumawa ng scheme.

Hininaan naman ni Iwa ang boses. “Gusto mo pa, pustahan tayo, eh. Ma-i-in love ka rin kay Ava. O, magkano gusto mo?”

“Wala ka talagang kupas pagdating sa pera; hanggang sa harapan ng simbahan, humihirit ka!”

Tinawanan lang siya nito.

Mababait ang mga Gerona. At home na kaagad si

Ava sa mga ito hindi pa man sila nakakasal ni River. Nakausap na rin niya via *Skype* ang mga magulang at kapatid nito sa US. Ipapadala na lamang daw ng mga ito ang wedding gifts at saka na dadalo sa church wedding na napagkasunduan nila ni River na ipagsabing gagawin din nila ilang buwan pagkatapos ng kanilang civil wedding.

Pakakasal siya sa binata dahil sa pera. Somehow, pakiramdam ni Ava ay isang napakalaking kasalanan ang gagawin niya. Ngunit may iba pa bang paraan para mapabuti ang kalagayan ng kanyang ina?

Wala na siyang mga lolo at lola. Nag-iisang anak ang kanyang ina. Kaya needless to say, wala na siyang masasabing malapit na kamag-anak. Her late father's family never cared about her, either. Wala rin siyang mga kaibigan. In short, ang kanyang ina lamang ang tanging taong natitira sa kanyang buhay. Hindi niya maaatim na mawawala ito sa mundo. Hindi niya kayang mag-isa. All her life, kasa-kasama niya si Mama Vivian—ang tanging kaibigan niya, sandalan, kakampi.

“Let's dance,” yaya sa kanya ni River nang mag-umpisang kumanta ang isang acoustic band sa reception ng kasal nina Iwa at Jedi. Napakatikas nito sa attire na asul na barong Tagalog at dark khaki

slacks.

Nakangiting humawak siya sa kamay nitong inilahad sa kanya. *Just like the old times...*

“You look so beautiful,” bulong nito nang nasa gitna na sila ng dance floor.

“Thank you,” flattered na sabi niya.

Ang ganda nga ni Ava sa ayos niya ngayon. She was wearing a strapless peach gown; ang ganda ng pagkakahapit niyon sa kanyang balingkinitang katawan. Naglagay siya ng light makeup. Sa awa ng Diyos ay hindi nagtagal sa kanyang mukha ang mga peklat na iniwan ng mga taghiyawat niya noong teenager pa siya kaya naman she had nothing to conceal in her face. Hindi niya kailangan ang makapal na foundation. Inayos niya ng French twist ang buhok at naglagay ng isang rose-shaped hairpin na gawa sa *Swarovski* crystals. Pearl earrings ang tanging accesory na suot niya.

Tumayo ang maliliit na buhok sa batok niya nang maramdaman niya ang animo’y pagsinghot ni River sa kanyang leeg.

“You smell so sweet,” parang namamatandang anas nito na lalo pang idinikit ang katawan sa kanya.

Parte pa ba ito ng ‘front act’ nila sa harapan ng mga tao? Panay ang kanilang holding hands kung nasa public place sila. Parati ring nakaakbay sa kanya ang pekeng nobyo. Weird dahil wala siyang maramdamang pagkaasiwa. Parang napakanatural lang ng ginagawa nilang gestures sa isa’t isa.

Nang mahinang kumanta ito, sinabayan ang awit ng banda. *“So I’ll say why don’t you and I get together and take on the world and be together forever. Heads we will and tails we’ll try again. So I say why don’t you and I hold each other and fly to the moon and straight on to heaven. ’Cause without you they’re never gonna let me in...”*

Hindi man pang-professional singer ang boses ni River ay nasa tono naman ito. Masarap sa pandinig ang mahinang pag-awit nito. Damang-dama niya ang mainit na hininga nito sa kanyang tainga at nagdudulot iyon sa kanya ng kakaibang sensasyon. An unfamiliar sensation that was bringing her... delight.

Bahagyang sumagi ang mga labi nito sa kanyang punong-tainga at hindi niya napigil na mahigit ang hininga. Pinanghinaan siya ng mga tuhod. Napahigpit ang kapit niya sa mga balikat ng lalaki para alalayan ang sariling huwag mabuwal. She was dazed.

“Are you okay?” anang kasayaw, inilayo nang kaunti ang mukha sa kanya.

“I... I... think... we s-should stop,” natatarantang nasabi niya. “P-parang nahihilo yata ako.”

“We already stopped, Ava.” Hinigpitan nito ang hawak sa kanyang baywang. “Kanina pa, actually.”

Hindi niya napansing kanina pa pala magkadikit ang mga katawan nila, ngunit nananatiling nakatayo lamang sila sa dance floor. Nahihiyang napatungo siya nang mapansing madaming pares ng mata ang nakatutok sa kanila, they seemed very pleased by the sweet scene.

Pormal nang mag-re-resign sa trabaho si River sa oil refinery sa Texas. Isasaayos na rin niya ang mga gamit sa kanyang tirahan doon at bahala na raw ang kanyang mga magulang na magbebenta ng kanyang bahay. Talagang desidido na siyang manatili sa Pilipinas. Dadalaw-dalaw na lamang siya sa pamilya niyang maiiwan sa US.

Sakay ng eroplanong patungo sa Texas ay nanumbalik sa alaala niya ang naging usapan nila ng ina ni Ava bago siya lumisan ng Pilipinas.

“Can I ask you a favor, young man?” tanong nito habang sinasamahan niya itong marahang naglalakad-lakad sa park.

“Ano ho ’yun?”

“Promise me that you will take care of my daughter. Na paliligayahin mo siya.”

Natigilan siya sa narinig.

“River, hindi kayang mag-isa ni Ava. At malaki ang kinalaman ko doon. I raised her up na nakadepende sa akin. At natatakot akong iwanan siya na—”

“Huwag ho kayong magsalita ng ganyan,” pigil niya.

“Mahina ang anak ko, River.”

“Your daughter is braver than you thought,” kontra niya. “Hindi n’yo alam ang kaya niyang gawin para lamang mapabuti kayo,” hindi niya napigilang sabihin.

Tumigil ito sa paglakad, hinarap siya. “But can you promise me that you will take care of her and make her happy for the rest of her life?”

Jesus! Panghabang-buhay na pangako ang hinihingi nito sa kanya!

Hindi niya masalubong ang tingin nito. “Y-yes,” he

answered, trying so hard to hide the lies in his voice.

Ngayon-ngayon lamang niya lubusang natanto, hindi pala siya marunong magsinungaling o umarte. Nahihirapan siya. Good thing he became very fond of Ava. Hindi halata ng mga tao sa paligid nila na ang gestures niya sa pekeng nobya ay bunsod lamang ng purong fondness. Okay, maybe a little attraction. Fine, a huge attraction!

Masisisi ba niya ang sarili? Lalaki siya, normal lamang na makadama siya ng matinding paghanga sa isang maganda at seksing babae.

But then again, he must act as if he was deeply in love with Ava. Ayaw niyang magduda ang mga tao kahit kaunti. Ayaw niyang pumalpak. Sa loob-loob ay nananahan ang pangamba na baka magkatotoo ang sinabi sa kanya ni Iwa na baka siya lang ang bukod-tanging mabubuking sa kanilang magpipinsan na nagsagawa ng scheme na ito.

Dalawang linggo rin siyang nanatili sa Texas upang isaayos ang lahat ng dapat ayusin. Naglalagay na siya ng mga importanteng gamit sa kanyang mga bagahe nang mapansin niya ang isang maliit na black velvet box sa ibabaw ng kanyang dresser.